Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VII – CENTRAL VISAYAS
Schools Division OF NEGROS ORIENTAL
Office of the Schools Division Superintendent

18 APR 2024

DIVISION MEMORANDUM
Blg. 0360, s. 2024

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG PANITIKAN 2024**

PARA SA : **Mga Katuwang na Tagapangasiwa ng Dibisyon**
**Mga Hepe ng Dibisyon**
**Mga Tagamasid ng mga Asignatura**
**Mga Tagamasid ng Purok**
**Mga Pinuno ng Paaralan**

1. Ang Dibisyon ng Negros Oriental ay nakikiisa sa National Commission for Culture and the Arts, at Komisyon sa Wikang Filipino sa pagdiriwang ng Pambansang Buwan ng Panitikang Filipino 2024 na may temang, "Ang Panitikan ay Kapayapaan". Upang maging makulay at makabuluhan ang pagdiriwang ng Buwan ng Panitikang Filipino, ang dibisyon ay magsasagawa ng Pampinid na Palatuntunan ngayong Abril 29, 2024 na gaganapin sa Negros Oriental High School.

2. Tampok sa nasabing pagdiriwang ang mga sumusunod na pagligsahan.
   a. Quizbowl
   b. Dugtungang Pagtutula
   c. Sine-Drama
   d. Musical Video
   e. G. Panitikan 2024

3. Kalakip ang mga panuntunan at pamantayan sa bawat paligsahan.

4. Transportasyon, pagkain, at kaugnay na gastusin ay manggagaling sa MOOE ng eskwelahan, SEF, PTA, pondong local na dadaan sa panuntunan at pagtutuos ng COA.

5. Pagpupulong ng mga DSS sa Filipino ay gagawin ngayong Abril 19, 2024 sa Baybayon Beach Resort, Cangmating, Sibulan kaugnay sa nasabing pagdiriwang.

6. Magsisilbeng awtoridad sa pagbiyahe ang memorandum na ito para sa mga DSS, tagapagsanay, at kasapi ng komiti.

7. Malawak na pagpapalaganap ng memorandum na ito ay nais.

By Authority of the Schools Division Superintendent:

**ROMEL VICTOR A. VILLAHERMOSA, MBA**
OIC, Office of the Asst. Schools Division Superintendent
Office-In-charge
4/18/24

NCO/RVAV-EQA/CID-CAA/RAJ/gerwin
Abril 18, 2024

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **QUIZ BOWL** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Baitang 6** | |
| **Bilang ng Kalahok** | **Isa (1)** | |
| **Tagapagsanay** | **Isa (1)** | |
| **Petsa ng Paligsahan** | **Abril 29, 2024** | |
| **Oras** | **9 ng umaga** | |
| **Kasuotan** | **Puting T-shirt** | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Kabuoan** |
| | Madali (10 items x 2) | 20 |
| | Katamtaman (10 items x 3) | 30 |
| | Mahirap (10 items x 3) | 50 |
| | Kabuoan | 100 |
| **Panuntunan** | a) Ang paligsahang ito ay para sa mga mag-aaral ng elementarya na nasa ika-anim na baitang.<br>b) Ang bawat distrito ay kinakailangang magpadala ng iisang kalahong lamang na siyang kakatawan ng distritto.<br>c) Ang bawat kalahok ay inaasahang magdala ng pentil pen na gagamitin sa paligsahan.<br>d) Ang tatlong unang kalahok na may mataas na iskor ay ang siyang magwawagi sa patimpalak. | |

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **DUGTUNGANG PAGTUTULA** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Baitang 7-10** | |
| **Bilang ng Kalahok** | **Dalawa (2)** | |
| **Tagapagsanay** | **Isa (1)** | |
| **Petsa ng Paligsahan** | **Abril 29, 2024** | |
| **Oras na inilaan** | | |
| **Kasuotan** | **Barong/Filipiniana** | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Kabuoan** |
| | Interpretasyon<br>Tinig (15%)<br>Bigkas (15%)<br>Kumpas at ekspresyon ng mukha (15%) | 45% |
| | Kaangkupan sa tema | 15% |
| | Organisasyon | 30% |
| | Hikayat sa madla | 10% |
| | Kabuoan | 100% |
| **Panuntunan** | a) Bukas ang patimpalak sa mag-aaral na nasa baitang 7-10.<br>b) Ang Dugtungang Pagtutula ay paglalahad ng impromptu na pagtutula sa makabagong paraan ng paglalahad.<br>c) Ang paksa ng tula ay ibibigay sa oras ng kanilang pagtatanghal.<br>d) Ang bawat kalahok ay maglalahad ng bahagi ng tula at dudugtungan ng kasamahang kalahok. Bibigyan ng tatlong pagkakataong makapaglalahad ang bawat isa ng kanyang nagawang tula.<br>e) Ang desisyon ng mga hurado ay pinal at hindi mababago | |

Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
Region VII, Central Visayas
**SCHOOLS DIVISION OF NEGROS ORIENTAL**
www.depednegor.net

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **SINE-DRAMA** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Baitang 7-12** | |
| **Bilang ng Kalahok** | | |
| **Tagapagsanay** | **Isa (1)** | |
| **Petsa ng Paligsahan** | **Abril 29, 2024** | |
| **Oras na inilaan** | **10 min.** | |
| **Kasuotan** | | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Kabuoan** |
| | Kakayahan sa pag-arte | 30% |
| | Aplikasyong Teknikal | 20% |
| | Sinematograpiya | 20% |
| | Aral na makukuha sa palabas | 20% |
| | Sining at Kaangkupan | 10% |
| | | 100% |
| **Panuntunan** | a) Bukas ang patimpalak na ito sa lahat na mag-aaral na nasa baitang 7-12.<br>b) Ang Sine-Drama ay isang mailking pelikula na kapupulutan ng magagandang asal.<br>c) May Kalayaan ang bawat koponan na pumili ng kaniyang tema na gagawan ng pelikula.<br>d) Ang bawat tampok ay dadaan sa pagkikilatis ng mga lupon ng inampalan ayon sa mga sumusunod:<br>➢ Best Actor<br>➢ Best Actress<br>➢ Best Supporting Actor/Actress<br>➢ Best Story<br>➢ Best in Cinematography<br>➢ Best in Technical Application<br>➢ Best Director<br>➢ Best in Production<br>e) Ang bawat pelikula ay isusumite sa komite ngayong Abril 27, 2024 sa one drive na ibibigay ng komite. Pipili ng limang magagaling na tampok na siyang ipapakita sa Abril 29, 2024 na siyang pagbabatayan ng paghuhusga.<br>f) Ang desisyon ng mga hurado ay pinal at hindi mababago. | |

Tel. Nos: (035)225-2838 / 225-0667/422-7644 (Division Supt's Office); (035) 225-1622 (CID); (035) 225-1623 (Legal Section); (035)225-6180 (SGOD); (035) 422-7643 (Cash Section); (035) 422-8511 (Planning Section); (035) 225-6987 (Record's Section); (035) 422-5283 (Admin. Section); (035) 422-0267 (Personnel Section); (035) 225-2376 (Guard/Medical/Dental Sections); (035) 225-7012 (Educ. Facilities Section); (035) 225-1640 & (035) 225-1640 (Acct. Budget Section); (035) 422-3921 (Supply Section)

[Type here]

| Paligsahan | G. BUWAN NG PANITIKAN | |
|---|---|---|
| Baitang ng Mag-aaral | Baitang 9-12 | |
| Bilang ng Kalahok | Isa (1) | |
| Tagapagsanay | Isa (1) | |
| Petsa ng Paligsahan | Abril 29, 2024 | |
| Oras | 1:00 ng hapon | |
| Kasuotan | Barong | |
| Batayan ng Kapasyahan | **Pamantayan** | **Kabuoan** |
| | Kagitingan at angking kagwapuhan | 25% |
| | Pagpapaliwanag ng Simbolo ng Panitikan | 20% |
| | Simbolo | 25% |
| | Kasuotan at tikas sa entablado | 25% |
| | Hikayat sa madla | 5% |
| | Kabuoan | 100 |
| Panuntunan | a) Ang paligsahang ito ay para sa mga mag-aaral ng Mataas at Higit na Mataas na Paaralan.<br>b) Ang bawat kalahok ay nakasuot ng barong. May dala ang mga ito ng isang malikhaing gawa na simbolo ng pagmamahal sa ating panitikan tulad ng agila, ibon, salakot, o kung ano pang bagay na magsisilbeng simbolo nito.<br>c) Bibigyan ito ng pagpapaliwanang kung bakit napili ang nasabing simbolo ng panitikan.<br>d) Ang daloy ng palabas; Magpapakilala muna ang kalahok. Susundan ito ng pagpapaliwanag ng kanyang dalang simbolo.<br>I- Introduksiyon ng mga kalahok<br>II- Pagpapaliwanag ng simbolo<br>e) Ang mga kalahok ay gagawaran ng mga sumusunod na parangal:<br>1. Pinakamagaling na pagpapakilala<br>2. Pinakamagaling na simbolo<br>3. Pinakamagandang Barong<br>4. Popular na kalahok<br>5. Ikalawang Lakan, Unang Lakan, at G. Buwan ng Panitikan 2024<br>f) Ang desisyon ng mga hurado ay pinal at hindi mababago | |

Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF EDUCATION
Region VII, Central Visayas
**SCHOOLS DIVISION OF NEGROS ORIENTAL**
www.depednegor.net

| **Paligsahan** | **MUSICAL VIDEO** | |
|---|---|---|
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Baitang 7-12** | |
| **Bilang ng Kalahok** | | |
| **Tagapagsanay** | **Isa (1)** | |
| **Petsa ng Paligsahan** | **Abril 29, 2024** | |
| **Oras na inilaan** | **3-5 min.** | |
| **Kasuotan** | **Filipiniana/Barong** | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Kabuoan** |
| | VIDEO | |
| | Estetik Valyu | 30% |
| | Sining ng Pagsasalin | 20% |
| | Sinematograpiya | 30% |
| | Kahusayan at dating ng obra | 20% |
| | Kabuoan | 100% |
| | AKTUWAL NA PAGTATANGHAL | |
| | Musikalidad | 30% |
| | Interpretasyon | 25% |
| | Projeksyon | 25% |
| | Kasuotan at tikas sa entablado | 20% |
| | Kabuoan | 100% |
| **Panuntunan** | a) Ang MUSICAL VIDEO ay isang paligsahan sa paggawa ng video sa pamamagitan ng pagsasalin ng isang awiting Inglis. Ang pipiliing kanta ay yaong wala pang Filipino version.<br>b) Ang paligsahang ito ay bukas para sa lahat na mag-aaral sa sekundarya. Isusumite ang video ayon sa nakatakdang panahon. Isang minus one na may lirikong pang-karaoke sa nasaling kanta, at isang may vocal ng bagong interpretasyon na may liriko ng naturang kanta.<br>c) Ang komiti ng nasabing paligsahan ayv pipili ng limang magagaling na video. Ang mga napiling video ay itatanghal sa araw ng Pampinid na Palatuntunan para sa aktuwal na paligsahan. Ang sinumang mapipili ay padadalhan ng notisya bago ang pinal na paligsahan.<br>d) Lahat ng entry o lahok para sa nasabing paligsahan ay isusumite kay G. Renante A. Juanillo, Tagamasid ng Filipino ngayong Abril 27, 2024 sa one drive na ipapadala.<br>e) Ang desisyon ng lipon ng inampalan ang masusunod at hindi mababago. | |